DANE ORTLUND

# GENTLE *and* LOWLY

STUDY GUIDE (TAGLISH)

# GENTLE

*and*

# LOWLY

*Study Guide (Taglish)*

*Dane Ortlund*

TREASURING CHRIST PH

*Gentle and Lowly Study Guide (Taglish)*

Salin sa Filipino/Taglish ng *Gentle and Lowly Study Guide*
© 2021 by Dane Ortlund
Published by Crossway
a publishing ministry of Good News Publishers
Wheaton, Illinois 60187, U.S.A.
This edition published by arrangement with Crossway.
All rights reserved.

Ang *Gentle and Lowly Video Study* ay magagamit ng kahit ilan ang bilang ng manonood.
Taglish version © 2026 by Crossway

Lahat ng Filipino Scripture quotations, malibang iba ang binanggit, ay galing sa Magandang Balita Biblia. Copyright © 2012 by Philippine Bible Society. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan.

Ang iba pang Scripture quotations na may markang "AB" ay galing sa Ang Biblia. Copyright © 2001 by Philippine Bible Society, ginamit nang may pahintulot. Ang may markang "ASD" ay galing sa Ang Salita ng Diyos. Copyright © 2015 by Biblica Publishing. Ginamit nang may pahintulot. Reserbado lahat ng karapatan.

Lahat ng binigyang-diin sa mga Scripture quotations ay idinagdag ng sumulat.

Translation by Marie Manahan
Editing by Jodi Parfan
Typesetting by Danielle Santos-Mendoza

PDF ISBN: 978-621-8484-09-2

Published in the Philippines by Treasuring Christ PH
A ministry of Baliwag Bible Christian Church
116 Vergel de Dios St., Concepcion, Baliwag City, Bulacan 3006, Philippines
tcphbooks@gmail.com

# MGA NILALAMAN


Panimula 5

Isang Tala *Tungkol sa Video Study* 7

Aralin 1 – *Mga Kabanata 1–2* 9

Aralin 2 – *Mga Kabanata 3–5* 15

Aralin 3 – *Mga Kabanata 6–7* 21

Aralin 4 – *Mga Kabanata 8–9* 27

Aralin 5 – *Mga Kabanata 10–12* 33

Aralin 6 – *Mga Kabanata 13–14* 39

Aralin 7 – *Mga Kabanata 15–16* 45

Aralin 8 – *Mga Kabanata 17–18* 51

Aralin 9 – *Mga Kabanata 19–21* 57

Aralin 10 – *Mga Kabanata 22–23* 63

# PANIMULA

*"Ang mga dakilang katotohanan ay hindi itinakda para madaliang unawain o mabilis na i-download. Ang mga ito ay itinakda upang dahan-dahang unawain. Dahan-dahang pagnilayan, at sa gayon ay madala nang malalim sa ating mga puso upang manatili."*

DANE ORTLUND

Ang *Gentle and Lowly Study Guide* ay dinisenyo upang mapahusay ang iyong pagbasa at pag-unawa sa libro ni Dane Ortlund na *Gentle and Lowly: Ang Puso ni Cristo para sa mga Makasalanan at Nagdurusa*. Sa pamamagitan ng ilang mga katanungan, gagabayan ka nito sa maliliit na bahagi ng libro, na tutulong sa iyo na dahan-dahang pagnilayan ang mga pananaw ni Ortlund tungkol sa puso ni Cristo na hango sa Bibliya at ilan sa mga pinakadakilang church theologians. Umaasa ako na gagabayan ka ng booklet na ito sa librong *Gentle and Lowly* at, higit sa lahat, sa mas malalim na pag-unawa sa ating Panginoon na maamo at may mababang loob at sa kanyang puso para sa iyo: "Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at lubhang nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan. Pasanin ninyo ang aking pamatok at matuto kayo sa akin sapagkat ako'y maamo at may mababang loob. Makakatagpo kayo sa akin ng kapahingahan" (Mat. 11:28–29).

Ang study guide na ito ay dinisenyo para gamitin sa small-group discussion o kaya ay sa personal na pag-aaral. Makikita ng mga small-group leaders na ang mga katanungan ay idinisenyo para sa maraming linggo ng pagninilay at paglago ng isa't isa. Ang mga gumagamit ng study guide na ito para sa personal na pag-aaral,

gayunpaman, ay hinihikayat na makahanap ng isang makakasama sa pag-aaral upang magkatulungan sa paggamit ng materyal na ito. Sa paggawa nito, ang pagpapahalaga sa pinakamalalim na puso ni Cristo ay lalong titindi habang nagpapanariwa at nagpapatalim ang isang banal sa isa pa. Nawa'y biyayaan ka ng Diyos ng mismong presensya niya habang isinasagawa mo ang pag-aaral na ito.

# ISANG TALA TUNGKOL SA VIDEO STUDY

Ang study guide na ito ay dinisenyo upang magamit kasama ang *Gentle and Lowly Video Study*, isang 10-session video series na nagtatampok kay pastor Dane Ortlund.

Sa buong study guide ay makikita mo ang mga prompts na magsasabi sa iyo na panoorin ang corresponding teaching video. Bagama't hindi kinakailangan ang mga video na ito para magamit nang epektibo ang study guide na ito, partikular na idinisenyo ang mga ito upang palakasin ang pangunahing mensahe ng libro habang hinihikayat ang personal na pagninilay at talakayan ng grupo—na umaakay sa mga mambabasa na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa puso ng Diyos para sa mga makasalanan at nagdurusa.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa *Gentle and Lowly Video Study*, tingnan ang crossway.org/gentleandlowlyvideo.

# ARALIN 1

*Ako'y maamo at may mababang loob.*

MATEO 11:29

*Mga Kabanata 1 & 2* | *Teaching Video 1*

1. Ano ang papel na ginagampanan ng puso sa buhay ng isang tao? Ano ang mga implikasyon nito sa sinabi ni Jesus tungkol sa kanyang sariling puso? (pp. 20–21)

2. Ano ang ilan sa mga paraan kung paano ipinapakita ng Bagong Tipan ang "may mababang loob"? Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol kay Jesus? (pp. 22–23)

3. Anong kaibahan ang dulot sa iyong pang-araw-araw na buhay na "walang sinuman sa kasaysayan ng tao ang mas madaling lapitan kaysa kay Jesu-Cristo"? (p. 23)

4. Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin niyang, “Madaling pasanin ang aking pamatok”? Ano ang hindi niya ibig sabihin? (p. 25)

5. Ayon kay Thomas Goodwin, anong maling akala ang itinutuwid ni Jesus nang ilarawan niya ang kanyang sarili bilang “maamo at may mababang loob”? Paano mo nakikita ang iyong sarili na nahuhulog sa maling akalang iyon sa iyong sariling pag-iisip? (pp. 26–28)

6. Paano ipinakikita ng mga kilos ni Jesus sa apat na Gospels ang kanyang puso para sa mga makasalanan? Kanino ba siya natural na napapalapit? (pp. 29–32)

7. Ang pagbibigay-diin ba sa mahabaging pagmamahal ni Cristo ay hindi pagbibigay-diin sa iba pang mga elemento ng kanyang karakter? Anu-ano ang mga dapat nating isa-isip habang sinasagot natin ang tanong na ito? (pp. 32–34)

8. Paano naiiba ang pinakanatural na tugon ni Jesus sa kasalanan at pagdurusa sa ating pangkaraniwang tugon? Ano ang matututuhan natin mula sa kanyang halimbawa? (p. 35)

9. Paano binaligtad ni Jesus ang ugnayan sa pagitan ng malinis at ng marumi na mga kategorya ng Lumang Tipan? Ano ang kaugnayan nito sa sarili mong buhay? (pp. 35–37)

10. Paano natin natatanggap at nararanasan ngayon ang mahabaging pagmamahal na ipinakita rin ni Cristo sa kanyang ministeryo sa lupa? (pp. 37–39)

# ARALIN 2

*Sapagkat tayo'y mayroong isang Pinakapunong Pari na marunong makiramay sa ating mga kahinaan . . .*

HEBREO 4:15 AB

*Mga Kabanata 3–5* | *Teaching Video 2*

1. Bago makarating sa chapter 3, paano mo sasagutin ang tanong na, Ano ang nagpapasaya kay Jesus? Nabago ba ng chapter na ito ang sagot mo sa anumang paraan? (pp. 41–46)

2. Paano mo sasabihin sa iyong sariling mga salita ang quote mula kay Thomas Goodwin sa page 44? Ito ba ang Cristo na iyong sinusunod at likas na pinaniniwalaan na naroroon?

3. Ano ang kagalakang naghihintay kay Cristo (Heb. 12:2)? (pp. 46–47)

4. Naisaalang-alang mo na bang mabuti ang "pakikiisa" ni Cristo sa iyo sa iyong Christian discipleship? Ano ang ibig sabihin nito para sa iyong pang-araw-araw na buhay? (pp. 52–53)

5. Isipin mo ang paraan ng paglalarawan kay Jesus sa unang dalawang talata sa page 54. Ganito ba ang karaniwan mong naiisip tungkol kay Jesus, o madalas mong bigyang-diin ang pagiging Diyos niya at maliitin ang kanyang tunay na pagiging tao?

6. Natural lang sa atin na isipin na nag-iisa tayo kapag may pighati at sakit sa ating buhay. Ngunit paano nilinaw ng chapter na ito ang mga bagay para sa atin? (pp. 55–57)

7. Ano ang kahalagahan ng Greek word na *dunamenon*, tulad ng binibigyang-diin sa page 61?

8. Isaalang-alang mo ang salitang "may kaamuan" sa Hebreo 5:2, na nagsasalita tungkol sa mga pari at kay Jesus bilang perpektong pari. Nagulat ka ba sa salitang ito sa anumang paraan? Ano ang paghihirap sa buhay mo ngayon na pinapakalma at pinagagaling ng salitang ito? (pp. 62–65)

9. Isipin mo ang larawan ng isang ama na ginamit ni John Owen sa block quote sa page 64. Ano ang sinasabi ni Owen tungkol sa lalim ng damdaming nararanasan ni Cristo sa kanyang nagkakasalang mga tagasunod?

10. Ano ang pagkakaiba sa pagtuon ng iyong pansin sa iyong kasalanan kumpara sa pagtuon ng iyong pansin kay Cristo? (p. 66–67)

# ARALIN 3

*. . . hinding-hindi ko itataboy kailanman*
*ang sinumang lumalapit sa akin.*
JUAN 6:37

*Mga Kabanata 6 & 7*

*Teaching Video 3*

1. Ano ang partikular na mahalagang katotohanan para sa iyo na nagmumula sa unang bahagi ng Juan 6:37 ("Lalapit sa akin ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Ama")?

2. Kaugnay ng isinulat ni John Bunyan sa page 73, i-consider mo ang iyong sariling puso. Ano ang ilang mga paraan na nakikita mo ang iyong sarili na umiiwas sa pangako ni Cristo na hindi ka niya kailanman itataboy? Ano sa buhay mo ang nagiging dahilan para mahirapan kang maniwala na hindi ka kailanman itataboy ni Cristo?

3. Nakikita mo ba ang puso mo na kumikilos sa paraang katulad ng mock dialogue sa pagitan natin at ni Jesus sa pages 64–75? Paano ka ginulat ng Juan 6:37?

4. Ano ang pinaniniwalaan mo na sa huli ay nagdedetermina ng iyong seguridad sa puso ni Cristo: ang paghawak mo sa kanya o ang paghawak niya sa iyo? Ano ang itinuturo ng Bibliya? (pp. 76–77)

5. Ano ang ibig sabihin ng may-akda sa "katiyagaan ng puso ni Cristo"? Ano ang kahulugan ng pagtitiyagang ito sa iyong buhay sa linggong ito? (pp. 77–78)

6. Bakit hindi natin nararamdaman ang buong bigat at pagiging kakila-kilabot ng ating kasalanan? (pp. 81–82)

7. Ano ang ibig sabihin ng kabanalan at kadalisayan ni Cristo sa nararamdaman niya tungkol sa kasalanan ng mga taong hindi kabilang sa kanya? Ano ang ibig sabihin ng kanyang kabanalan at kadalisayan para sa kanyang nararamdaman tungkol sa kasalanan ng mga taong kabilang sa kanya? (pp. 84–85)

8. Paano mo ibubuod sa sarili mong mga salita ang sinasabi ni Thomas Goodwin sa quote sa pages 85–86?

9. Sa anong (mga) paraan ka ginulat ng Hosea 11 tungkol sa Diyos at sa kanyang kabanalan? (pp. 87–90)

10. Sa pagtatapos ng pagbubulay mo sa chapter 7, paano nabago o nalinawan ang pananaw mo sa maka-Diyos na kabanalan?

# ARALIN 4

*. . . siya'y nabubuhay magpakailanman*
*upang mamagitan para sa kanila.*
HEBREO 7:25

*Mga Kabanata 8 & 9* | *Teaching Video 4*

1. Masusi mo bang napag-iisipan kung ano ang ginagawa ni Jesus ngayon? Ang realidad ba ng kanyang intercession o pamamagitan ay naging bahagi ng iyong regular na pagninilay-nilay at discipleship? (p. 93)

2. Ano ang koneksyon sa pagitan ng pamamagitan ni Cristo at puso ni Cristo? (pp. 94–95)

3. Ano ang ibig sabihin na namamagitan si Jesus para sa atin? Paano ka niyan napapakalma at nabibigyan ng katiyakan ngayon? (pp. 95–98)

4. Pag-isipan mo ang katagang "to the uttermost" o "lubusan" sa Hebreo 7:25. Paanong ang katagang iyan, ang pagsasalin ng isang salitang Griyego *(panteles)*, ay isang kaaliwan sa iyo? (pp. 99–101)

5. Napagtanto mo ba na, kung ikaw ay kay Cristo, siya mismo ang nananalangin para sa iyo? Paano nito binabago o pinalalakas ang iyong sariling prayer life? (p. 102)

6. Ano ang pagkakaiba ng tagapamagitan sa isang tagapagtanggol? Paano nabubuo ng ideya ng adbokasiya ang ideya ng pamamagitan? (p. 105)

7. Ano ang ilang katotohanan tungkol kay Jesus na tagapagtanggol, gaya ng itinuro sa 1 Juan 2:1? (pp. 107–108)

8. Ano ang bahagyang pagkakaiba ng sinabi sa atin sa Hebreo 7:25 sa 1 Juan 2:1? Paano ipinaliwanag ni John Bunyan ang pagkakaiba? (pp. 108–109)

9. Nakikita mo ba sa iyong sarili ang malakas na pagnanais na ipagtanggol ang sarili? Paano pinapagaling at pinapakalma ng katotohanan ng 1 Juan 2:1 ang pag-uudyok na iyan? (pp. 111–112)

10. May paraan ba sa puso mo ngayon na ipinagtatanggol mo ang iyong sarili, na sinasabi ng Diyos na isuko mo at lubos na ipagkatiwala sa adbokasiya ni Jesu-Cristo para sa iyo?

# ARALIN 5

*. . . kaibigan ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan!*

MATEO 11:19 AB

*Mga Kabanata 10–12*

*Teaching Video 5*

1. Ano ang natatanging kontribusyon ni Jonathan Edwards sa kung paano natin dapat isipin ang puso ni Cristo? (pp. 115–117)

2. Napag-iisipan mo ba ang tungkol sa kagandahan kapag iniisip mo ang Diyos o si Cristo? (pp. 117–119)

3. "Iniibig" mo ba ang puso ni Cristo? Paano mo magagawa ito? (pp. 120–121)

4. Tao ba si Jesus ngayon? Ano ang ipinahihiwatig nito kung paano natin dapat maunawaan ang puso ni Cristo? (pp. 123-124)

5. Ano ang kontribusyon ni B. B. Warfield sa ating pag-unawa sa puso ni Cristo? (pp. 126–133)

6. Ano ang kaugnayan ng habag ni Cristo sa kanyang galit? Magkasalungat ba ang dalawang ito? Bakit o bakit hindi? (pp. 129–131)

7. Ano ang maaaring ibig sabihin na magalit si Jesus kasama mo? (pp. 133–134)

8. Sa tingin mo ba ay likas na walang galang kung sasabihin natin na kaibigan natin si Cristo? Ano ang karanasan mo sa buhay na nagbibigay dahilan sa iyong sagot? (p. 135)

9. Sa anu-anong mga paraan na si Jesu-Cristo ang perpektong kaibigan, isang mas mabuting kaibigan kaysa sinumang tao? (pp. 137–143)

10. Ano ang ibig sabihin na si Jesus ang iyong companion o kasa-kasama? (pp. 140–141)

# ARALIN 6

*Dadalangin ako sa Ama, upang kayo'y bigyan niya ng isa pang Patnubay . . .*
JUAN 14:16

*Mga Kabanata 13 & 14*

*Teaching Video 6*

1. Anong aspeto ng Espiritu ang ipinapakita ng chapter 13? Naisip mo na ba ang aspetong ito ng Banal na Espiritu noon? (pp. 145–147)

2. Paano ipinaliliwanag ni Thomas Goodwin ang layunin ng pag-alis ni Cristo at pagdating ng Espiritu? (pp. 147–149)

3. Anu-ano ang mga implikasyon ng katotohanan na ang Banal na Espiritu ay hindi isang impersonal force kundi isang persona? (pp. 149–150)

4. Ano ang itinuturo sa atin ng 1 Corinto 2:12 tungkol sa papel na ginagampanan ng Espiritu? (pp. 150–151)

5. Ano ang sinasabi ng chapter 13 tungkol sa koneksyon ng Banal na Espiritu sa puso ni Cristo? Paano ito nakakaapekto sa paraan ng iyong pamumuhay bilang tagasunod ni Cristo? (pp. 149–151)

6. Isipin mo ang quote ni A. W. Tozer na nagpasimula sa chapter 14. Ano ang unang pumapasok sa iyong isipan kapag iniisip mo ang tungkol sa Diyos? (p. 153)

7. Kapag iniisip mo ang Ama, iniisip mo ba na hindi siya gaanong mapagmahal tulad ng Anak? Tama ba ang ganitong paraan ng pag-iisip? Bakit o bakit hindi? (pp. 154–155)

8. Pagnilayan mo ang mga katagang "Ama ng mga kaawaan" sa 2 Corinto 1:3. Naiisip mo ba bawat araw na ito ay kung sino ang Diyos Ama? Kung hindi, bakit? (pp. 155–157)

9. Balikan mo ang quote mula kay Goodwin sa pages 158–159. Anu-anong mga sugat sa iyong puso ang kailangang pagalingin ng perpektong awa ng Ama?

10. Paano nagbago ang iyong pananalangin sa Ama nang pag-isipan mo ang mga katotohanan sa pages 159–161? Paano naapektuhan ang iyong pakikipag-ugnayan sa Diyos?

# ARALIN 7

*Hindi niya ikatutuwang tayo'y saktan o pahirapan.*

PANAGHOY 3:33

*Mga Kabanata 15 & 16*

*Teaching Video 7*

1. Sa pagbaling natin ngayon sa Lumang Tipan, inaasahan mo bang medyo hihina o mababawasan ang pagtingin mo sa puso ng langit? Iniisip mo ba na ang Lumang Tipan ay nagbibigay sa atin ng diyos na mas malamig o mas naninimbang? Nakakagulat ba sa iyo sa anumang paraan ang mga pambungad na talata ng chapter 15? (pp. 163–164)

2. Nabasa mo na ba ang Lamentations (Panaghoy) dati? Ano ang iyong pagtingin sa mood at tone at mensahe ng aklat? Ano ang makikita natin sa literary high point ng aklat? (pp. 164–166)

3. Sa anong mga paraan pinatitibay ng Panaghoy 3:32–33 ang sovereignty ng Diyos (ang pinakamataas na kontrol ng Diyos sa lahat ng bagay na dumarating sa ating buhay)? (pp. 165–166)

4. Ano ang ibig sabihin na hindi "ikinatutuwa" ng Diyos na pahirapan ang kanyang bayan (Lam. 3:33)? (pp. 167–171)

5. Ano ang ibig sabihin para sa sarili mong puso at buhay na ang paghatol ay "kakaibang" gawain ng Diyos at pagkaawa ang kanyang "natural" na gawain? Naisip mo ba ang tulad nito tungkol sa Diyos dati? (pp. 172–174)

6. Ano ang naiisip mo kapag naririnig mo ang mga katagang "ang kaluwalhatian ng Diyos"? Basahin mo ang Exodo 33:18–19, kasama ang 34:6–7. Paano ba inilalarawan ng Diyos mismo ang kanyang kaluwalhatian? Paano nilinaw ng tekstong tulad ng Awit 138:5–6 ang punto? (pp. 175–178)

7. Napag-isipan mo na ba dati na paulit-ulit sinasabi sa Lumang Tipan na ang Diyos ay "ginalit" o "inudyukang magalit," ngunit hindi kailanman "inudyukang magmahal" o "inudyukang maawa"? Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo ngayon habang nagpapatuloy ka sa iyong buhay? (pp. 178–180)

8. Ano ang kaugnayan ng "nag-iingat ng wagas na pag-ibig para sa libu-libo" at "dinadalaw ang kasamaan ng mga ama . . . hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi" (Exo. 34:7)? Paano ka inaaliw nito? (pp. 180–181)

9. Habang binabasa mo ang librong ito, hinahayaan mo bang maalis ang iyong "natural na haka-haka tungkol sa kung sino ang Diyos"? Kung gayon, ano ang pumapalit dito? (p. 183)

10. Paano natupad ang Exodo 34:6–7 sa Bagong Tipan? (pp. 184–186)

# ARALIN 8

*Kaya't nasasabik ang aking puso sa kanya.*

JEREMIAH 31:20 AB

*Mga Kabanta 17 & 18* | *Teaching Video 8*

1. Nasabi mo na ba sa isang tao, dahil sa isang mahiwagang probidensiya sa buhay, "Ang mga pamamaraan ng Diyos ay hindi natin mga pamamaraan"? Ano ang ibig mong sabihin doon?

2. Kung pagbabasehan ang Isaias 55:6–9, ano ang partikular na kahulugan ng Bibliya nang sabihin nito na ang mga pamamaraan ng Diyos ay hindi natin mga pamamaraan? (pp. 187–190)

3. Alam na natin na ang Diyos ay hindi katulad natin. Ngunit ano ang natutuhan natin mula sa Isaias 55 at Awit 103 tungkol sa pinakamalalim na paraan na ang Diyos ay hindi katulad natin, at ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa likas na takbo ng isip nating mga makasalanan? (pp. 190–191)

4. “Hindi siya kagaya mo. Kahit na ang pinakamatinding pag-ibig ng tao ay ang pinakamahinang alingawngaw lamang ng umaagos na kasaganaan ng langit.” Naniniwala ka ba rito? Paano ito nakakaapekto sa paraan ng pamumuhay mo ngayon bilang isang Kristiyano ? (p. 194)

5. Nasaan ang dalawang lugar na pinakamamahal na tirahan ng Diyos, ayon sa Isaias 57:15? Paano ito nauugnay sa Mateo 11:29 at sa sarili mong buhay? (pp. 195–196)

6. Sa ipinakitang pangunahing layunin ng unang dalawampu't siyam na kabanata ng Jeremias, ano ang inaasahan mong matatagpuan sa mga kabanata 30–33, habang ibinibigay ng Diyos ang kanyang sagot sa unang dalawampu't siyam na kabanata? Ano ang ating natuklasan? (pp. 197–199)

7. Ano ang eksaktong Hebrew word para sa "puso" na ginamit sa Jeremias 31:20? Paano mo ipapahayag sa sarili mong mga salita kung ano ang sinasabi sa atin tungkol sa kung sino ang Diyos? (p. 199)

8. Iniisip mo ba na ang Diyos ay nananabik sa iyo? Ano ang nagagawa nito para sa iyo habang pinagninilayan mo ang katotohanang ito? (pp. 199–200)

9. Ano ang punto ng pahayag ni Thomas Goodwin sa page 202? Paano mo ito ipapahayag sa sarili mong mga salita?

10. Naisip mo na ba ang posibilidad na ang isa sa pinakamabigat na pagkakamali sa buhay mo ay ang iwasan sa halip na tanggapin ang mala-dagat na pag-ibig ng Diyos? Nag-aatubili ka bang hayaan siyang mahalin ka? Bakit o bakit hindi (pp. 203–205)

# ARALIN 9

*Ngunit ang Diyos, palibahasa'y mayaman sa awa . . .*

EFESO 2:4 AB

*Mga Kabanata 19–21*

*Teaching Video 9*

1. Naisip mo na ba na sinasabi sa atin ng Diyos na siya ay "mayaman" sa isang bagay sa isang lugar lamang? Kung siya ay mayaman sa awa nang higit kaysa sa anumang bagay, ano ang ibig sabihin nito sa paraan ng pakikipag-ugnayan mo sa kanya ngayon? (pp. 207–208)

2. Ano ang kahalagahan ng salitang *palibhasa* sa katagang "Ngunit ang Diyos, palibhasa'y mayaman sa awa . . ."?

3. Isinama ni Pablo ang kanyang sarili sa pagsasakdal na inilarawan niya: "tayong lahat ay dati ring namumuhay ayon sa pagnanasa ng ating laman . . ." (Efe. 2:3). Bilang isang dating Pariseo na masusing sumunod sa lahat ng mga patakaran ng Diyos, paano niya nagawang isama ang sarili niya sa kasong ito? (pp. 213–214)

4. Ano ang patunay ng mayamang awa ng Diyos sa buhay mo, sa kabila ng lahat ng paghihirap at kasalanan mo? (pp. 216–218)

5. Nakikita mo ba sa iyong sarili ang mapanlinlang at paulit-ulit na pagtatangkang palakasin ang iyong katayuan sa Diyos batay sa iyong espirituwal na paggawa? (pp. 219–220)

6. Ano ang ibig sabihin ng binabanggit ni Pablo na "nagtitiwala sa pagsunod sa Kautusan" sa Galacia 3:10? Nakikita mo ba ang iyong sarili sa paglalarawang ito? (pp. 223–224)

7. Paano sinasagot o tinutugunan ng gawain ni Cristo, at ng puso kung saan dumadaloy ang nagbabayad-salang gawaing iyon, ang iyong "pagititiwala sa pagsunod sa Kautusan"? (pp. 225–227)

8. Mas nahihirapan ka bang paniwalaan na lubos na pinapatawad ng Diyos ang mga kasalanan mo ngayon bilang isang Kristiyano kaysa paniwalaang pinapatawad niya ang iyong mga kasalanan noon bilang isang hindi Kristiyano? Bakit o bakit hindi? (pp. 229–230)

9. Paano mo sasabihin sa sarili mong mga salita ang ipinapaliwanag ng Roma 5:6–11? Paano nalalapat ang lohikang iyon sa iyong buhay bilang disipulo ni Cristo? (pp. 230–236)

10. Posible ba para sa iyo na nakay Cristo na maging mas secure pa sa puso ni Cristo kaysa sa ngayon? Mas magiging secure ka ba sa langit kaysa sa ngayon? (pp. 236–237)

# ARALIN 10

*Minahal niya sila hanggang sa wakas.*

JUAN 13:1

*Mga Kabanata 22 & 23*

*Teaching Video 10*

1. Kapag iniisip mo ang tungkol sa pag-ibig ni Cristo, naniniwala ka ba na minahal ka ni Cristo sa punto ng iyong pagbabalik-loob, ngunit unti-unting humihina ang kanyang pagmamahal habang nagpapatuloy ka sa buhay, at paulit-ulit siyang binibigo? Tama ba ang ganitong pag-iisip? (pp. 239–240)

2. Ipahayag ang Juan 13:1 sa iyong sariling mga salita. Ano ang sinasabi sa atin ni Juan tungkol sa kung sino si Jesus? (pp. 240–241)

3. Napag-isipan mo na ba nang husto ang nangyari sa krus ni Cristo? Ipaliwanag sa sarili mong mga salita kung ano ang pinasan ni Jesus sa krus. (pp. 242–245)

4. Ano ang sinasabi ni John Bunyan sa quote sa pages 245-246? Ano ang ibig sabihin ng pahayag ni Bunyan para sa iyong pang-araw-araw na buhay?

5. Ano ang mararanasan ng mga hindi "kanya" mula kay Jesu-Cristo? Ngunit paano nabaligtad ang tadhanang iyon para sa mga taong "kanya"? (pp. 247–248)

6. Anu-ano ang ilang paraan na naluluwalhati natin ang Diyos? Ano ang isang paraan na naluluwalhati natin ang Diyos, ayon kay Jonathan Edwards? (pp. 249–250)

7. Sa ibang lugar ay ipinakita ni Edwards ang "kaluwalhatian at kadakilaan" ng Diyos kasama ng kanyang "kaamuan at katamisan." Ano ang punto rito ni Edwards? (pp. 251–253)

8. Ano, ayon sa Efeso 2:7, ang punto ng langit? Ganito ba ang tingin mo sa tatamasahin natin magpakailanman? (pp. 253–255)

9. Pagnilayan mo kung ano ang ibig sabihin ng mga salitang tulad ng "di-masukat" at "kayamanan" at "kagandahang-loob" sa Efeso 2:7. Anu-ano ang ilang takot o pagkabalisa sa buhay mo ngayon na lumiliit kung titingnan ang walang-hanggang katotohanang ito para sa atin na mga nakay Cristo? (pp. 255–257)

10. Ano ang ibig sabihin ng chapter na ito at ng pagninilay nito sa Efeso 2:7 para sa iyo sa nalalabing bahagi ng taong ito? Ano ang mga alalahanin mo ngayon, na maaari mong ipagkatiwala sa Diyos, na nalalaman ang tiyak na naghihintay sa iyo na walang hanggan? (pp. 256–259)

TREASURING CHRIST PH

Kung nakatulong sa 'yo ang librong ito, gusto naming marinig kung paano ginamit ng Diyos ang mga nabasa mo para matulungan ka sa panahong ito.

Pwede mo kaming i-email sa tcphbooks@gmail.com.
You can also connect with us through these channels:

Facebook: facebook.com/treasuringchrist.ph
Instagram: @treasuringchristphil
YouTube: @TreasuringChristPH

Para sa iba pang Taglish gospel-centered resources tulad ng ebooks, audiobooks, sermons, study guides, at conference resources, please visit our website at treasuringchristph.org.

Makikita rin ang iba pa naming books sa aming stores:

**Shopee**:
shopee.ph/treasuringchristph

**Lazada**:
lazada.com.ph/shop/arqxc74y/